ANNEX "B"

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, si **VICTORIA F. FACTOR**, 52 taong gulang, nakatira sa 1858 Oro-B Street, Brgy. 777, Zone 84, Sta. Ana, Manila, matapos makapanumpa nang naaayon sa batas, ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako po ay naninirahan sa Brgy. 777, Sta. Ana, Manila, mula noong taong 1988. Bahagi ito ng distrito ng San Andres Bukid.

2. Ako po ay bahagi ng BEC o Basic Ecclesial Community sa aming komunidad mula noong 1998 hanggang 2000, at mula 2002 at hanggang sa ngayon. Dahil sa pagiging BEC ko at dahil lagi akong kasama ng mga madre ng Religious of the Good Shepherd o RGS sa kanilang mga misyon sa aming lugar, ako po ay itinuturing na isa ring RGS Lay Mission Partner.

3. Ang RGS na kinabibilangan ni Sister Ma. Juanita R. Daño, kilala rin bilang Sister Nenet, at ang mga Lay Mission Partner nito ay nakikiugnay sa komunidad ng San Andres Bukid para sa mga *bible study* at pagdarasal.

4. Dahil sa gawain ng mga RGS Lay Mission Partners at BEC sa aming komunidad, nahuhubog ang mga pamilyang nakatira rito na magkaroon ng kaalamang magagamit sa araw-araw -- sa pangangalaga sa kalikasan, pagrerecycle, at pagtitipid, para matigilan ang pang-aabuso sa mga kababaihan, para sumuporta sa mga ipinaglalaban ng ibang miyembro ng komunidad, at pati na para maidulog sa kinauukulan ang kawalan ng hustisya. Bilang Lay Mission Partner ng RGS, tinutulungan ko naman ang mga kababaihan sa aming komunidad na biktima ng pang-aabuso sa pamamagitan ng pag-*refer* sa kanila sa RGS.

5. Matapos ang eleksyon noong 2016, gumawa ang RGS ng paraan upang mahadlangan ang mga nangyayaring patayan o extrajudicial killings o EJK sa aming komunidad at maproteksyunan ang mga miyembro ng aming komunidad laban dito.

6. Nang umupo na ang administrasyon ni Pangulong Duterte, marami nang kakaibang mga pangyayari sa aming komunidad kaugnay sa EJK.

7. Ang mga tulad kong Lay Mission Partner ay madalas na ring dumadalaw at nagdarasal sa mga burol ng mga biktima ng EJK. Sa katunayan nga ay nasa labindalawang burol na ng mga biktima ng EJK ang aking napuntahan at napagdasalan.

8. Sa pagdalaw namin at pagdarasal sa mga burol na iyon at sa pakikiramay ko sa mga kaanak nilang madalas ay nasaksihan ang patayang naganap, napag-alaman kong EJK o extrajudicial killings ang mga patayang iyon dahil nangyayari ito nang walang *due* process, walang *warrant of arrest*, at walang *search warrant*. Karaniwan sa mga biktima ay nilulusob ng mga lalaking nakaitim at may maskara, at matapos ang patayan ay bigla namang may darating na naka-unipormeng mga pulis. Madalas na pagkatapos ng naganap na patayan ay halo-halo o magkakasama na ang mga lalaking nakaitim na iyon at ang mga unipormadong pulis sa lugar ng pinangyarihan.

9. Isa sa mga huli kong napagdasalang burol ay ang biktima ng EJK na si Julius Umali. Noong makausap ko sa burol ang nanay ni Julius, napansin kong parang tuliro ito. Nang tanungin ko siya ay napag-alaman kong pinoproblema niya ang pagpapalibing sa kanyang anak.

a. Umano ay hindi siya binigyan ng Rizal Funeral, kung saan dinala ang mga labi ng kanyang anak, ng *original* na *death certificate* nito, kung kaya naman *xerox copy* lang ng *death certificate* ang kanyang nakuha.

b. Para makuha ang *original* na *death certificate* ay hinihingian daw siya ng Rizal Funeral ng PHP35,000.00. Kaya *xerox copy* lang ang ibinigay sa kanya ay dahil hindi raw kumpleto ang kanyang ibinigay at PHP5,000.00 lamang ang nahiram niya para dito.

10. May ilan pang kakaibang pangyayari sa aming komunidad kaugnay ng mga patayan o EJK.

a. Isang Lunes naman noong Hunyo 2017, pinuntahan ko ang Barangay Chairwoman naming si Lourdes Delgado para makahiram ng pera. Sa pakikipag-usap ko sa kanya ay

nabanggit at idinaing ni Chairwoman sa akin ang tinatawag na *passport* na ipinatutupad ng mga pulis sa aming barangay.

b. Sa aking pagkakaintindi, ang mga 150 *drug surrenderees* at 50 kababaihan sa aming barangay ay ipinarereport sa Chairwoman para "linisin" ang aming barangay. Nagagalit umano ang mga pulis kung hindi nagpapakita ang mga *drug surrenderees* at mga kababaihang iyon.

11. Bukod pa dito ay ang insidente ng pagpapapirma sa akin bilang miyembro ng Barangay Anti-Drug Abuse Council o mga BADACs sa listahan ng mga pangalan para i-*certify* at para ibigay ito ng Barangay Chairwoman namin sa mga pulis sa aming lugar.

a. Noong Agosto 1, 2017, bandang ika-pito ng gabi, may dalawang taong kumatok sa aming bahay. Isa rito si J.R. Delgado na anak ng Barangay Chairwoman at ang isa naman ay isang babaeng barangay tanod.

b. Tinanong nila ako kung papayag akong pumirma sa isang *confidential* na bagay. Dahil *confidential* daw ito, pinapasok ko sila sa aming bahay.

c. Nang nasa loob na kami ng bahay, ipinakita nila sa akin ang papel na mayroong nakalistang mga pangalan ng mga kasamahan kong BADACs tulad ni Sister Nenet ng RGS. Nakita ko naman sa ibang bahagi ng mga ipinakita nilang papel ang labinlimang pangalan na hindi ko naman kilala. Natatandaan kong may isang "Nognog" na nakalista doon. Tinanong ko ang tanod at si J.R. Delgado kung ang labinlimang iyon ay mga totokhangin o totokbangin pero hindi nila ako sinagot dahil *confidential* nga raw ang bagay na ito.

d. Inisip kong ang mga pangalan sa listahang pinapipirmahan sa akin ay iyong mga tinotokbang o pinapatay sa operasyon ng mga pulis at ng mga kasami nilang lalaking nakaitim at nakamaskara. Kinutuban akong baka iyon nga ay listahan ng mga totokbangin.

e. Misyon namin sa BEC at RGS na maproteksyunan ang buhay ng mga nasa komunidad, at taliwas sa aming misyon ang pagtokbang sa mga miyembro nitong komunidad. At dahil nangamba ako sa dahilan at epekto ng pagpapapirma

nila sa akin, ipinagpaliban ko ang pagpirma dito. Matapos nito ay umalis na sina J.R. Delgado at ang barangay tanod mula sa aming bahay.

f. Maya-maya naman ay bumalik ulit sina J.R. Delgado at ang barangay tanod sa aming bahay. Nagpaumanhin silang hindi sila umano na-*orient* tungkol sa ipinapipirma nila sa akin. Ipinaliwanag nila sa akin na ang pagpirma ko at ng mga BADACs sa papel na iyon ay para i-*certify* na ang mga labinlimang pangalang iyon ay mga hindi nakatira sa aming barangay.

g. Lalo naman akong tumangging pumirma sa takot at pangamba sa magiging epekto nito sa mga nakalistang pangalan doon, at dahil na rin hindi ko nga kilala ang mga iyon. Ayon naman kina J.R. Delgado at barangay tanod, kinukuha na raw ng mga pulis ang listahang iyon noong gabi ring iyon. Ini-*refer* ko naman sila kay Sister Nenet ng RGS.

h. Noong Agosto 6, 2017 ng umaga, pinuntahan ko ulit si Barangay Chairwoman Delgado. Nanghingi ako ng paumanhin at pasensya sa hindi pagpirma sa listahan noong August 1, 2017.

i. Ibinahagi naman ni Barangay Chairwoman Delgado sa akin na madalian na raw na kinukuha ng mga pulis ang listahang iyon mula sa kanya. Ikinuwento niya sa akin na kinausap silang mga Punong Barangay ng mga pulis mula Manila Police Station 6. Binigyan daw sila ng atas: Kapag tatlong beses daw na lumiban sa patawag ng barangay ang *drug surrenderees*, kailangan na raw na isumite sa pulis ang mga pangalan ng lumiban. Ang listahan na iyon ng mga lumiban sa patawag na barangay ay ang tinatawag na *"passport."* Sa pagkakaintindi ko, iyon na ang listahan ng mga papatayin o totokbangin ng mga pulis.

j. Kung hindi raw kami pipirma nina Sister Nenet sa listahan ay dapat na raw kaming tanggalin bilang miyembro ng BADACs.

12. Ilan lamang ang mga ito sa mga pangyayari sa aming komunidad na may kaugnayan sa EJK o extrajudicial killings na maituturing.

BILANG PATUNAY, ako ay lumagda sa ibabaw ng aking pangalan ngayon ika-_____ ng Setyembre 2017.

16 OCT 2017

VICTORIA F. FACTON
Lagda
A-9311932

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika 16 OCT 2017 ng _____, _____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

JESSICA ANNE G. GO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St.
Salcedo Village, Makati City

Doc. No. 88
Page No. 18
Book No. 1
Series of 2017.